

PROLOGUE

She really should be writing now. Importanteng may matapos siya o ma-accomplish man lang kahit draft.

She's a two-time winner of the *Young Adult Novel of the Year* and a lot was being expected from her. And she was never lax when it came to writing... pero ngayon, wala siyang output. This was so not her.

Pero blangko sa kasalukuyan ang isip ni Bobbie. Siguro dahil puyat siya. Around two a.m. na siya nakatulog nang nakaraang gabi dahil sa kababasa ng isang feel-good YA novel. At least, it did make her feel good—for a while.

Pagkatapos, wala namang 'body calendar' na magsasabi sa kanyang 'body clock' na Linggo at huwag muna siyang gisingin. Kahit naman kasi freelance writer siya, entitled din siya sa day-off. At dineklara na niyang rest day ang Linggo.

Pero hayun, alas cuatro pa lamang, gising na ang kanyang diwa. Nakakainis lang. Kahit ayaw na niyang mag-isip pa, panay ang replay ng kung anu-anong eksena sa kanyang utak; making her feel disappointed, rejected...

And the songs on her playlist weren't helping. It reminded her of how her first love sucked; how boring her life had been; how pathetic she was being.

So tama nga lang sigurong writer si Bobbie pagka-graduate niya. Writing *is* lonely. Writers *are* alone. And she was being exactly that—lonely and alone. She would probably be like that till her dying day. Bagay sa kanya ang ganoong buhay. Kasalanan niya kaya siya ang magdusa.

She made a gagging sound at how dramatic that last thought was. Pero agad din siyang napangiti nang mapait. Siya na lang ding mag-isa ang nagkokomento sa sarili niyang kabaduyan.

Mabuti pa noon, may kasama siyang malungkot—may nangungulit, may nagpapasaya. She smiled bitterly as she felt unpleasantness flood her chest.

In another life, I would make you stay... kanta ni Katie Perry sa earphones ng dalaga. Parang nadadamay siya sa regret na siyang tema ng kanta.

Kumunot ang kanyang noo mayamaya nang maramdamang nag-iinit ang mga mata niya. No, she refused to think about him. No, no, no.

Inabot ni Bobbie ang cellphone at nag-compose ng isang tweet para man lang ma-distract siya. Kaso,

limang minuto na yata ang lumipas ay hindi pa rin iyon ma-post. Pesteng WiFi, ayaw makipag-cooperate. Pesteng Internet service provider, hindi ayusin ang serbisyo sa lugar nila.

Pesteng isip niya, bakit ba ayaw siyang hayaang makalimot? Peste talaga.

Frustrated na hinagis niya ang cellphone sa kama.

She was getting too old for things like this; alam na niya kung saan siya dadalhin ng pag-iisip ng mga bagay na nangyari na at hindi na niya puwedeng baguhin. Malulungkot lang siya, patuloy na magiging unproductive.

Pero buwisit naman kasi! Bakit ba ayaw umalis sa isip niya ng linsyak na iyon? Kahit saan siya tumingin sa bahay niya, ang lalaking iyon ang naaalala niya.

Ang magaganda nitong mata na lalong mas makinang kapag tumatawa, ang matangos na ilong, ang kunot sa noo, ang nakakahawang tawa, ang sintonadong pagkanta...

Bobbie sighed. Mali talaga itong ginagawa niya. Pero nagtuluy-tuloy na ang isip ng dalaga sa pagbiyahe sa nakaraan. At sa wakas, hinayaan niya ang sariling isip na mabalot ng alaala. Okay, fine, for

#25 Brgy. Caparispisan, Pagudpud - Zoe De Jesus

this last time, she would be lonely and nostalgic and regretful. Mamaya na siya babangon at haharapin ang trabaho at ang tunay na mundo. Mayamaya na lang.

She missed him, at kapag ganitong iniisip niya ang binata, para na rin niya itong nakasama ulit.

Ito ang munting langit ni Bobbie: when she's reliving the memories she had shared with the man she'd learned to love too much, too soon.

1

“Yes. Oo naman, magaling talagang writer si Raissa Teczon... *dati*,” mariing sambit ni Greg Richardson, ang may-ari at general manager ng *Bookworm Publishing*. Doon nagtatrabaho bilang junior editor sa *Millennia*—ang imprint para sa young adult books—si Zachary Paez.

Nagme-meeting sila para sa books na ire-release nila sa *Manila International Book Fair* na gaganapin limang buwan mula nang araw na iyon. At nang may magbanggit na kasamahan niya tungkol kay Raissa, iyon ang dialogue ng kanyang boss.

“Once upon a time, she was our top-billing writer. Ngayon, wala na si Raissa. She is practically dead.” Parang wala lang na nagkibit-balikat pa ang kanyang boss. “Let’s focus on other writers. I read very good reviews about Riva’s last book, at maganda rin ’yung books nina Donna at Yeng. Sa kanila tayo mag-focus.”

Walang kumibo sa mga kasamahan niya, parang tahimik na sumasang-ayon. At may nagrerebelde sa loob ni Zach dahil doon.

Bago pa siya ma-hire sa *Bookworm*, paborito na

niya si Raissa. At isa nga ito actually sa mga rason kung bakit siya nag-apply sa publishing company na kanyang pinapasukan sa ngayon.

Humugot siya ng malalim na hininga at lakas ng loob bago nagsalita, “With all due respect, Sir. I know I’m just a junior editor, but I am a book reader since I was six, and have been here for almost three years now. Hindi naman po sa pagmamalaki, pero kahit po kasi papaano, nalalaman ko na kung may talent talaga ang isang writer pagkabasa ko sa kahit isang gawa lang niya.”

Tiningnan si Zach ng kanyang boss na parang nagtatanong kung ano ang point ng sinasabi niya.

“At hindi po natin puwedeng i-deny ang galing ni Raissa sa mga previous books niya. At kahit po medyo iba nga ang kalidad noong huling dalawang librong sinulat niya, hindi ibig sabihin, hindi na siya magaling. Hindi natin puwedeng i-discredit ’yung twenty-four books na magaganda dahil lang sa dalawang di-kagandahan. Lahat naman po ng writers may gawang gan’un na di kasing-okay kumpara sa iba, di po ba? ’Yung iba pa ngang writers, aware sila mismo kung alin ’yung okay, alin ang hindi.”

Humalukip si Sir Greg at medyo kinabahan si Zach. Hindi naman siya nagmamarunong kasi

aminado siyang hindi niya alam ang lahat ng bagay, at mas knowledgeable siyempre sa business na ito ang kaharap niya. Naglakas lang siya ng loob na magsalita dahil sa tingin niya, may katuwiran ding bigyan ng isa pang pagkakataon si Raissa Teczon.

“So how do you explain these past months na wala siyang ipinasang bagong manuscripts?” taas-kilay na untag nito.

“Baka... inaalat lang siya?” sagot niya.

Tumawa ang kanyang boss na parang nang-aasar.

Napalunok siya at nagpatuloy magpaliwanag, “Sir, even Ernest Hemingway had a period like that in his writing life. *For Whom the Bell Tolls* received bad reviews, even vicious comments. Pero bumawi siya pagkatapos. Sinulat niya iyong *The Old Man and the Sea*, got back at his detractors and even received the *Pulitzer* and the *Nobel Prize for Literature* for that book.”

“Excuse me. I don’t think it’s fitting to compare Raissa to Hemingway. I mean, magaling si Raissa, yes. But come on.” Inilahad ng amo ang mga kamay na para bang sinasabing hindi ba niya nakikita ang punto nito samantalang obvious na nga.

“Oo naman, Sir. But my point is—”

Tumaas ang mga kamay nito sa ere at nagmuwestra na huminto na siya. “Alright, Mr. Paez. Para na lang matapos na ’yang topic na ’yan at makausad na tayo sa susunod na agenda, fine. Ganyan din lang na sobra ang pag-defend mo sa paborito mo yatang writer, I’ll give her to you.”

“Po?” litong tanong ni Zach.

“She’s yours. Tatal naman, may iba nang hawak si Thelma na writers, sa kanila na lang siya mag-concentrate pagbalik niya,” tukoy nito sa isa nilang senior editor na kasalukuyang naka-leave at naglililiwaliw sa Southeast Asia. Ito rin ang editor ni Raissa. “Make sure she’ll submit a novel for *MIBF*. Target date of submission is on or before June 30. Kung magawa mo ’to, I’ll promote you to senior editor. Agad-agad.”

Hindi pa siya nakaka-react, may dinugtong na ang kanyang boss.

“At ayoko n’ung kagaya ng huling libro niya. I want something like the old Raissa Teczon books. ’Yung may substance. I want her twenty-fifth bestseller.” Walang anumang bumaling ito sa katabi niya pagkatapos. “Moving on, Shelly, kumusta ang collab project?”

Masiglang sumagot ang kasamahang nasa kanan niya. Nagpatuloy ang diskusyon sa conference room, pero si Zach ay nasa assignment pa rin ang isip.

Napasubo yata siya. Hindi alam ng binata kung pagsisisihan niya ang ginawang pagtatanggol sa paborito niyang writer, o hindi.

Anak ni Mang Enteng! He had barely a month before the target date of submission. Wish niya lang may patapos nang magandang manuscript ngayon si Raissa para umabot sila sa deadline.

Isinuot ni Zach ang headphones gamit ang isang kamay bago sinagot ang tawag ng kapatid niya.

“Nas’an ka?” Tinig iyon ng kanyang Ate Miranda, ang panganay nila. Nakasanayan na nitong tawagan siya dalawang beses araw-araw.

“Nasa probinsya ni *Batman*,” biro niya habang prenteng nagmamaneho sa madilim na daan.

“What?” asik ng kapatid na panganay. “Zachary!”

“Nasa Paniqui, Ate. Paniqui, Tarlac. You know, Paniqui, as in bat.”

Mukhang wala ito sa mood para sa corny jokes

niya dahil ni hindi ito nagkomento tungkol doon. “What! Ano’ng ginagawa mo diyan? Hinahanap ka na nilang lahat dito. Akala nila dito ka matutulog ngayon.”

Ikinamot niya sa batok ang isang kamay. “Sorry, Ate, di ako makakarating ngayon, pati sa birthday ni Jiggy next week. Just tell him I’m really sorry. Ipapa-LBC ko na lang ’ika mo ’yung gift ko sa kanya.”

“Bakit? Nasaan ka ba kasi?” Anak nito ang birthday celebrant at una niyang pamangkin.

“May special project kasi ako, ’Te. Mga one month akong mawawala,” hayag niya.

“Saan nga? Oy, Zachary, ayusin mo ang paliwanag.” Sa kanilang magkakapatid, ito talagang si Ate Miranda niya ang may pinakamaiksing pasensya.

Napilitan siyang umamin. In the first place, hindi rin naman niya iyon talaga balak isikreto. “Papunta akong Pagudpud.”

“Ha?” gulat na saad nito. “Ano’ng gagawin mo sa Pagudpud? May book fair ba diyan? At bakit one month? Kailangan ba talagang ngayong gabi ka na lumuwas at indiyenin ang weekly dinner natin at ang birthday ng pamangkin mo?”

Natatawang napailing siya. Ang kulit lang talaga minsan ng kapatid niyang ito. Manang-mana sa tatlo pa niyang ate.

“May assignment ako, Ate Ands, from my boss. Kailangan kong makumbinsi ’yung writer namin na magpasa ng magandang istorya na ire-release sa *MIBF* sa September. Kailangan kong magmadali dahil may deadline kami.”

Ikinuwento niya rito kung paanong dati ay bestselling author ng kompanya nila si Raissa hanggang sa ngayong wala na itong mai-submit.

“Me and my big stupid mouth,” sabi niyang napapailing. “Hindi ko pa masabi kung pinagsisisihan ko ’yung little speech ko o ikakatuwa. Make or break itong decision na ito.”

“Okay na rin ’yan. Malay mo naman magawa mo nga,” anito. “Galingan mo na lang ang kumbinsi. Daanin mo sa *legendary* charm mong nag-break ng puso ng maraming kadalagahan.” Tumawa ito sa paraan na parang mina-mock ang sinabi at tila hindi naniniwalang heartbreaker nga siya.

Kinunotan ni Zach ang daang kaharap na para bang naroon ang kanyang kapatid.

“Kung mag-fail, ’wag kang mag-alala. May

fallback ka naman, ipapasok kitang driver sa tuyuan,” tawa nito.

Negosyo ng Ate Miranda niya at ng asawa nito ang pagbebenta ng mga danggit, pusit, at iba pang pinatuyong lamang-dagat.

“Salamat sa encouragement at sa suporta. Sobrang napalakas ako ng sinabi mo,” sarkastikong sagot ni Zach.

Nagtawa lang ang kapatid. Mayamaya ay sumeryoso ito. “I take it taga-diyon sa dulo ng Pilipinas ’yang Raissa Teczon na ’yan?”

“Yup.” Inabot niya ang lata ng iced coffee na binili niya kanina sa isang convenience store. Namimigat na ang mga talukap ng mata niya sa sobrang antok.

“Eh, bakit naman kailangan mo pang mag-stay diyan nang matagal? Di ba siya puwedeng tawagan o i-email na lang? Hindi biro ’yang binabiyaha mo, ah.”

“Yun na nga, Ate. Sa sobrang layo kasi ng bahay niya, parating out of coverage area lahat ng tawag ko. Wala yatang signal sa Caparispisan. Saka ideya rin ng boss ko na pumunta na ako rito, para daw close monitoring ang gagawin ko. Bayad din ng company ang accommodation ko’t gasolina, so pagkain lang ang problema ko d’un.” Sandali siyang huminto nang

magkulay-pula ang stoplight sa harap niya. “Wala iyong dati niyang head editor, kaya nakitanong ako d’un sa ibang nasa team n’un. Ang sabi-sabi, makaluma raw itong si Miss Teczon at madalas naka-hard copy ang manuscripts na pinapasa. At typewritten. As in typewriter pa rin daw ang gamit kapag nagsusulat,” natatawa niyang kuwento.

Napahalakhak din ang kapatid niya. “Sobra naman ’yun! May nabibili pa bang ribbon ng typewriter sa panahon ngayon?”

“Baka sa kanila meron pa,” kibit-balikat ni Zach.

“Nakakaloka ’yang assignment na ’yan, ah. Pero ibig bang sabihin, isang buwan kang leave sa trabaho?” untag nito.

“Hindi naman, Ate. May baon akong manuscripts for editing. Magtatrabaho ako kung saan man ako pupunta ’tapos, se-send ko sa kanila sa email kapag okay na.”

“Ah,” sambit ng kausap.

“Saka kapag nagawa ko kasi ito nang maayos, promotion ang katapat nito, Ate Ands. Legit na editor na kung sakali,” masayang balita niya.

“Talaga? Wow, buti naman. Tatlong taon ka na

ring nagtatrabaho diyan.” Halatang natuwa rin ito. “Yun nga lang, ang layo niyang biyahe! Ba’t ba di ka na lang nag-bus? Baka mamaya maligaw-ligaw ka pa d’yan.”

“May *Waze* naman, ’Te. Saka kasi nga, babayaran naman ng *Bookworm* ’yung gas ko.”

“Hay naku, Zach! Nagpapakapagod ka lang.” Pumalatak pa ang nakatatandang kapatid niya.

“Okay lang, ’Te. Gusto ko naman ang long drive, saka walang traffic dito kaya hindi hassle. Saka para rin puwede akong huminto at magpahinga anytime na gustuhin ko.”

Pumalatak ulit ang kausap. “Anong oras ka makakarating ng Pagudpud niyan?” Mukhang hindi pa talaga ito kumbinsido sa ginagawa niya.

“Bukas na, ’Te. Magda-drive lang ako hanggang Laoag City, ’tapos isang tulog sa isang inn doon bago ituloy ang biyahe bukas ng umaga. Siguro bago magtanghali, nasa Pagudpud na ’ko.”

“Hay naku, Zachary. Dapat nag-bus ka na lang o kaya eroplano.”

“Okay lang ’to, ’Te. Nakakapag-unwind nga ako habang nagmamaneho,” rason niya.

At totoo naman iyon. Huwag lang ma-traffic, nakakapag-destress talaga siya kapag nagmamaneho.

Bumuntong-hininga ang nasa kabilang linya at saka sumeryoso. “Sabagay, kailangan mo rin ’yang sort of bakasyon na ’yan. Alam ko namang iniisip mo pa ’yung nangyari sa inyo ni... n’ung ex mo.”

Pagak siyang tumawa. “Okay lang ’yun, Ate. Makakahanap ako ng ipapalit sa kanya. Malay natin baka nasa Pagudpud pala ’yung destiny ko,” biro niya para pagaangin ang damdamin ng kausap.

Baby si Zach ng pamilya dahil nga only boy siya, bunso pa. Namatay ang mama nila noong ipanganak siya at ang kanyang mga ate ang naging nanay sa kanya mula noon. Kaya nga masyadong affected ang mga ito sa pagtangga ng long-time girlfriend niya sa kanyang marriage proposal. Nag-effort pa naman siya sa ginawang pag-aalok. May pa-romantic dinner by candlelight pa siya noong gawin iyon.

He heard her sigh again. “Basta mag-ingat ka r’on, Zachary. Wala kami d’un, walang magtitingin-tingin sa ’yo kaya umayus-ayos ka.”

Nakahinga na siya nang maluwag, kahit gusto niyang magreklamo dahil para naman siyang seven imbis na twenty-seven sa sinabi nito. “Yes, ’Te Ands.

Marami akong pasalubong pagbalik ko.” Dinugtungan pa niya iyon ng isang biro para pagaangin ang loob ng kapatid, “Hopefully, kasama r'on ang bagong girlfriend.”

“We'll miss you, bunso,” malambing na sambit ni Miranda.

Natawa siya kahit na-touch din. Alam niya, hindi nawawala rito ang pag-aalala. “Ako din. I'll miss you all. Pero tatawag ako as frequent as possible.”

“Bye, bunso. Mag-ingat ka sa pagda-drive, okay? Love you.”

“Love you, 'Te. I-kiss mo na lang ako kina Kuya Rome at Jiggy.”

“I will.”

Naputol na ang linya. Inabot ni Zach ang volume ng built-in sound system ng kanyang kotse at hinayaang punuin ng magandang boses ni Chris Cornell ang buong sasakyan at ang buong katauhan niya. Sana lunurin na rin niyon ang mga alaalang ayaw niyang maalala.

Itinuon niya ang atensyon sa pagmamaneho, pero naroon sa isip niya ang paksang binuksan ng kanyang kapatid.

Limang taon silang mag-boyfriend ni Yna at smooth ang naging relasyon nila. Minor selosan at argumento lang ang mga naging away nila at marami ang nagsasabi na bagay na bagay sila ng babae.

Twenty-seven na siya at twenty-four ito. Pareho na silang may maayos na career, at naisip niya lang na wala naman na silang pupuntahan kundi ang pagpapakasal.

Kaya limang linggo na ang nakakaraan, inanyayahan niyang mag-dinner ang nobya sa isang five-star hotel. Kinuntsaba niya ang chef at inilagay nito sa dessert nila ang singsing.

Tandang-tanda ni Zach, namimilog ang mga mata ni Yna sa gulat nang matagpuan nito ang engagement ring sa tiramisu sa platito nito. Nang lumuhod siya at mag-propose, nangilid ang luha ng kasintahan. Akala naman niya dahil sobra itong na-touch. Nalulungkot pala ito dahil ire-reject siya.

“Zach, I’m only twenty-four. There’s a lot that I want to do, to accomplish. I don’t think ready na ako para sa pag-aasawa. I’m sorry.”

Hindi siya mismo ang tinanggihan ni Yna, oo naman. Pero parang ganoon ang nangyari dahil hindi na siya nito hinarap o kinausap kahit sa telepono man

lang mula noon. And it had been five weeks since then. Ang tanging natanggap niya mula rito ay isang text message na may:

You're a great guy, Zach. But I'm sorry.

Iyon na nga siguro iyon, nakipag-break na ito sa kanya. Single na ulit siya.

Idagdag pa sa sakit ng rejection ng dalaga ang kahihiyang ni Zach. Nasaksihan kasi ng mga kapatid niya at matatalik na kaibigan ang proposal na iyon. Naroon din kasi sa hotel ang mga ito at nanonood mula sa malayo. Baka nga nakuhaan pa iyon ng video.

He sighed. Hindi pa naman masasabing totally closed book na iyong sa kanila ni Yna. Puwede pa itong magbago ng isip. Nasa babae ang singsing na binigay niya, at sinabi niya lang na isuot na lang nito iyon kapag ready na itong maging misis niya. Kung magdesisyon naman ang babae na ayaw talaga nito sa kanya, ibalik na lang sa kanya ang singsing. Dahil wala pa naman siyang natatanggap na singsing, in-assume niyang nag-iisip pa ang dalaga.

Well, kung 'no' talaga ang sagot nito, wala siyang magagawa. Baka hindi lang siguro sila para sa isa't isa. Wala nang sense na mag-dwell siya sa self-pity at iba pang negatibong emosyon. Mag-fo-focus na

lang siguro si Zach sa trabaho at magpapakayaman.

Iniiisip na lang niya, puwede ngang makatulong sa kanya ang bakasyong ito.

Hindi pa siya nakarating sa Pagudpud, pero marami na siyang nakitang pictures na kuha sa beach doon. ‘Boracay of the North’ nga ang taguri roon dahil sa puting-puting buhangin. And being a lover of nature, siyempre excited si Zach.

Mabuti na lang din pala at taga-doon si Raissa Teczon a.k.a. Roberta Robles. Dahil sa babae, makakarating siya sa Pagudpud.

Ilang beses siyang tinanong ni Sir Greg kung talaga bang gusto niyang gawin ito: ang tumungo sa dulo ng Pilipinas para lang i-encourage magsulat ang isang—ayon sa boss niya ay—palaos nang writer. Matatag na “Yes, Sir!” ang sagot ng binata.

Wala namang mawawala kung susubukan niya, di ba? Maayos na Internet connection lang siguro at iyong ideyang nasa malapit lang ang mga kapamilya niya ang isinasakripisyo sa gagawin niya ngayon.

At saka, isinugal niya na rin ang pride niya. Sa pagtanggap niya sa hamong ito, para na rin niyang sinabi sa kanyang boss na kaya niya talagang maging senior editor. At gusto niyang patunayan iyon.

Excited din siyang makilala nang personal si Raissa Teczon. Fan talaga siya nito noon pa mang una niyang mabasa ang isa nitong libro, at lalo pa noong mabasa niya ang lahat ng nobela nito. He liked how honest, straightforward and simply heartwarming her style was.

Natutuwa rin ang kanyang closet romantic heart sa ideya na lahat ng librong sinulat nito ay may dedication na:

To Liam, the love of my life...

In this day and age, ang hirap nang makahanap ng taong totoong magmamahal sa isang tao... lalo pa iyong klase ng pagmamahal na tumatagal. Kaya humahanga siya kay Roberta na minahal nito nang ganoon ang kung sinumang Liam na iyon.

Naalala tuloy ni Zach ang sarili niyang ama. Sixteen na siya nang pumanaw ito at buong buhay niya, wala itong ikinuwento sa kanila kundi ang one great love nito na siyang nanay nilang magkakapatid. Nasa late thirties lang ito nang mamatay ang mama niya, pero ni hindi sumagi sa isip ng papa niya na mag-asawa ulit.

And openly, he was dreaming of a love like that for himself.

2

Alas nueve na ng umaga nang marating ni Zach ang bahay ni Roberta Robles na may address na #25 Brgy. Caparispisan, Pagudpud. Katabi iyon ng ilang beach resorts at nakaharap sa dalampasigan.

Kung business-minded siguro ang babae, baka naisipan nitong i-convert sa isang beachfront hotel ang two-storey house nito. Siguradong malaki ang kikitain nito dahil dinarayo ng turista ang *Saud Beach* na ilang kilometro lang mula roon.

Nakakabighani ang ganda ang lugar. Para iyong paraiso sa mapuputing dalampasigan, malinis na tubig-dagat at maliwanag na kalangitan. Napansin din niyang mas laidback at hindi matao sa parteng iyon ng beach.

He breathed in the cool sea breeze. Pakiramdam ni Zach ay ang gaan ng kanyang baga dahil sa preskong hangin. Mukhang naiintindihan na niya kung bakit mas gusto ni Raissa Teczon na manatili sa lugar na ito kaysa lumipat sa Maynila. Nakaka-inspire ngang gumawa ng sining kapag ganito kagandang scenery ang makikita ng isang tao araw-araw.

Sa harap ni Zach ay isang two-storey house na sa tantya niya ay nasa two hundred square meters. Simple lang ang disenyo at medyo nababakbak na ang pintura. Malayo sa magagandang resorts na katabi niyon.

Mayroon iyong terrace na nakaharap sa dagat. Nai-imagine na niya si Raissa na napuwesto sa isang upuan doon, mapapahinto sa pagtata-type sa ginagamit na typewriter—kagaya ng sinabi kay Zach ng mga kasamahan—para tumunghay muna sandali at maghanap ng sagot sa bughaw na dagat at langit.

He sighed. Ang sarap naman niyon. Bigla tuloy siyang nainggit.

Sumilip si Zach sa mababang bakuran na gawa sa luma pero magandang klase ng kahoy. Parang walang tao sa bahay dahil sarado ang lahat ng bintana at tahimik ang paligid. Hindi kaya natutulog pa ang babaeng manunulat? Ang alam niya, maraming writers ang nocturnal at sa gabi mas productive.

“Yes? May kailangan kayo?” naringgan niyang medyo may slur na tawag mula sa kanyang likuran.

Lumingon siya at parang may dumunggol sa dibdib niya sa nakita.

Isa iyong medyo susuray-suray na babaeng

nakasuot ng baby pink off-shoulder dress na hanggang hita. Bitbit nito sa isang kamay ang pares ng maduming puting *Converse* shoes.

She was beautiful. Iyon ang una niyang naisip. Mukha itong nineteen years old lang. Maamo ang mukha ng babae, mahaba ang buhok na hindi niya malaman kung alun-alon ba talaga dahil gulu-gulo; balingkinitan pero makurba ang katawan, average ang tangkad, makinis at parang kumikinang pa ang morenang balat.

Pero medyo napakunot-noo rin si Zach dahil sa hitsura nito na para bang kagagaling lang sa pagka-clubbing at lasing pa. O galing ba ito sa bahay ng lalaking nakasama nito nang nakaraang gabi?

Nairita siya lalo dahil sa huling kaisipang iyon.

At dahil hindi niya naintindihan ang magkahalong emosyon na naramdaman nang sandaling iyon, parang nagdesisyon na agad ang utak niya na hindi niya gusto ang babaeng kaharap.

Seryoso ang expression na kinausap niya ang babae. “I’m just wondering kung may tao rito.” Itinuro niya ang bahay at tinalikuran ang estranghera. Minabuti na rin niyang mag-doorbell na sa wakas.

Naramdaman niyang may kumalabit sa likod niya

kaya hinarap niya ulit ang babae. Nakapamaywang ito at nakakunot-noo sa kanya. “Sino nga ang kailangan mo diyan?”

“I’m looking for Miss Roberta Robles.” May ideyang sumulpot sa utak niya na parang suminding bombilya. “Oh, wait, mama mo ba siya? Yung writer?”

Lalong lumalim ang pagkunot-noo ng kaharap niya. “Excuse me?”

“My name is Zachary Paez. I work for *Bookworm Publishing*, yung publisher ni Miss Roberta. I need to talk to her about her contract with us.” Inilahad niya ang kamay pero parang hindi iyon napansin ng babae na mukhang nahulasan na sa wakas.

“Oh,” parang nawala ang kalasingan na mahinang sambit nito.

Tumubo ang pag-asa sa kanyang puso. “Kilala mo siya? So can I see her? Nandito ba siya?”

“Yes, nandito siya.” Tumitig sa kanya ang babae, saka mabagal na tumango. “I am her. I’m Roberta Robles.”

Nalaglag ang panga ni Zach.

What? tili ng isip ng binata.

Nakatanga lang siya roon habang pinapanood ang babaeng nagpakilalang si Roberta Robles na buksan ang bakod at pinto ng bahay.

Bakit ba kasi walang kasamang picture iyong writers' file sa opisina nila? At bakit ba ngayon pa nagbakasyon ang dating editor nitong si Ma'am Thelma? Natanong man lang sana niya ito tungkol kay Roberta. Hindi sana siya mukhang eng-eng at clueless ngayon.

"Come in," tawag nito na iginalaw pa ang ulo.

"I... I'm sorry. I don't know what to say," nagawa ni Zach na sabihin nang matauhan. "You don't look like the Roberta that I pictured in my mind."

"I bet 'yung stereotypical na writer ang na-picture mo. 'Yung may makapal ang salamin at mukhang losyang?" natatawang saad nito na mukhang hindi naman na-offend.

Pero hindi ganoon ang naisip niya, actually. Ang inaasahan niya ay isang medyo chubby na middle-aged housewife, happily married to a certain Liam, at abala sa una nitong apo. This—a young, attractive but obviously intoxicated woman who looked she was out partying in some lit club last night—was too

far-flung from that idea. Gayunpaman, hindi na niya tinangkang magpaliwanag pa.

“Pasok ka,” ulit ni Roberta at walang imik na sumunod siya. Malaki ang bahay... at makalat.

Lihim siyang napangiwi. Neat freak kasi si Zach kaya parang gustong mangalinsag ng mga balahibo niya sa nakikita.

Natuon ang pansin niya sa kung ilang piraso ng damit na nakabalumbon sa sofa, sa kung ilang lata ng soft drink at beer, sa malalaking bote ng hard liquor sa center table at mga pinagbalatan ng chichirya, kahon ng pizza at isang styro ng kung anong mukhang panis nang pagkain.

“Sorry, mamaya pa kasi darating ’yung maglilinis dito. Upo ka.”

Hindi niya alam kung saan pupuwesto. Sa dami ng nakapatong sa sofa, baka dulo na lang ng puwet niya ang makaupo sa espasyong natira roon. Nanatili lang siyang nakatayo sa isang panig ng living room, na dapat yata iba ang pangalan. Paano siya magli-*live* sa dami ng kalat doon?

Pumunta ang babae sa likod ng sofa at yumuko sa kung ano. “Oh, hello, Liam! I soo missed you!” masiglang sabi nito.

Pumihit siya para makita ang binati ng babae at namataang nakaupo ito sa sahig, yakap ang isang ga-hitang puti at dilaw na ahas!

Tumayo yata lahat ng buhok niya sa katawan.

What the actual f*ck? Iyon si Liam? As in iyong Liam na love of her life daw at parati nitong dine-dedicate-an ng mga librong isinulat nito?

Iyong object ng inisip niyang perfect example ng true, faithful and lasting love ay isa palang ahas? The heck!

Parang gusto na niyang pagdudahan lahat ng bagay na alam niya.

“Did you miss me too, huh, baby?” babytalk nito at parang nangati ang mga paa ng binata. Gusto na niyang umalis sa lugar na iyon—as in ngayon na.

“Uhm, Miss Robles... I think mas mabuti siguro kung babalik na lang ako,” ani Zach. “I don’t think this is an appropriate time to talk about your writing.”

“Oh,” natigilan na sambit ng babae. Tumayo ito, bitbit ang ahas, at lumapit sa kanya. “Look, I know six months na akong di tumutupad sa contract ko, pero sana ’wag n’yo muna akong idemanda. Baka naman puwedeng makiusap na bigyan ako ng konti

pang extension. Hindi ko lang kasi mahanap 'yung muse ko these days, hirap na hirap akong makatapos ng manuscript.”

Tumango si Zach pero nakatutok ang mga mata sa ulo ng ahas na nakapuwesto sa balikat ng babae. Gumagalaw-galaw ito habang panay ang labas ng dila.

“Uhm... 'yun nga 'yung pag-uusapan sana natin,” sabi niya sa kabila ng nanunuyong lalamunan. “My boss sent me here para mapagtulungan natin 'yung solusyon sa sitwasyon mo. Pero siguro babalik na lang ako bukas para i-discuss iyon.”

“Okay.” Pagkatapos, mukhang napansin ng kaharap ang anxiety niya, bumungisngis si Roberta. “Wag kang matakot. Mabait itong si Liam. Hindi siya nanunuklaw, nanglilingkis lang.” Tumawa ito na parang nakakaloko.

Hindi na niya kaya. Humakbang na si Zach patungo sa pinto. “I’ll see myself out, Miss Robles.”

“It’s nice meeting you, Mr. Paez.”

Lumingon siya at ngumiti. But he couldn’t say the same about her. Man, she just crushed all his illusions about his favorite writer. “See you tomorrow,” sabi na lang niya.

Wish lang ng binata, wala itong hangover sa susunod nilang pagkikita.

“You will never believe kung ano ang hitsura ni Raissa Teczon sa personal,” bungad ni Zach kay Lenny nang sagutin ng babae ang tawag niya. Kapwa niya junior editor ito at pinakaka-close niya sa *Bookworm*.

Wala itong arte sa katawan at medyo totomboy-tomboy kumilos, pero lalaki naman ang type. Sa katunayan, engaged na ito sa nobyo nitong isang arkitekto.

Hindi pa rin siya makapaniwala sa naging encounter sa paborito niyang manunulat. Ang layo sa mga inisip niyang magiging meeting nila ni Roberta Robles ang naganap.

Minabuti niyang maglakad-lakad sa beach habang nag-iisip kung ano ang magandang gawin. Nang makita ang isang maliit na café, pumasok siya roon para magmerienda, tuloy tawag na rin sa kasamahan.

“Bakit? Ano ba’ng hitsura niya? Pangit?” Tila naintriga rin ito.

Umikot ang mga mata ni Zach. “Sobrang layo sa

expectation ko.” Ikinuwento niya sa pinakamalapit niyang kaibigang babae kung ano ang nangyari.

“Whoa! That’s interesting!” komento ni Lenny. “Attracted ka sa kanya!”

“What?” di-makapaniwalang sagot niya. “Did you even listen to what I just said?”

“S’abi mo, maganda ang mukha, sexy, bata pa.”

“Hindi mo ba nadinig na sinabi kong lasengga rin si Miss Robles, balahura sa bahay, mukhang irresponsable, at all this time, pinaniwala niya ang mga readers niya na may tao siyang mahal na mahal, pero ahas pala ’yun.”

Tumawa ang kaibigan. “Pero tunog smitten ka pa rin n’ung dinescribe mo ’yung hitsura niya.”

“Whatever, Lenny,” inis nang pagsuko ng binata. “Tulungan mo na lang akong mag-isip. Do you think, dapat ko pa ’tong ituloy?”

“At bakit mo naman hindi itutuloy, eh, di nalagot ka kay Boss! Gusto mo bang mawalan ng trabaho?” sagot ng kausap.

Natuon ang tingin niya sa isang grupo ng mga babae na nagkakasayahan habang kumukuha ng pictures ng isa’t isa.

“Pakiramdam ko kasi wala nang pag-asa ’tong si Raissa Teczon,” matapat na turan ni Zach.

“Ano? Wait lang, choppy ka.”

“What?” Inilayo niya sa tainga ang cellphone at nakita sa screen na isang bar lang ang signal ng network niya. Napamura siya.

Mabuti na lang, bayad na ang kinain niya. Iniwan na ng binata ang kanyang mesa at lumabas ng kapehan.

“Lenny?” untag niya ulit nang halos nasa beach na siya. “Dito, naririnig mo na ako?”

“Medyo-medyo.”

“Kasi, Lenny... Hindi naman sa nag-ju-judge ako agad-agad, ah, pero kung makikita mo lang siya, magdadalawang-isip ka talaga kung kaya ba niyang magsulat ng kahit anong may katuturan.”

Alam niya masyado siyang judgmental sa pag-iisip ng ganoon. Inisip na kaagad niyang hindi niya ito matutulungan dahil lang sa impressions na iniwan nito sa unang pagkikita nila.

Pero kasi naman, kung inuuna nito ang pagparty kaysa intindihin ang kontrata nito sa kanila na six months na nitong hindi sinusunod, mukha ba

itong responsableng tao na tutupad sa usapan?

Namilog ang mga mata ni Zach nang may maisip. “Oh, wait, hindi kaya poser lang ’yung nakausap ko at hindi ’yun ang tunay na Roberta Robles?”

“Ano? Ang dami mong sinabi, wala akong naintindihan,” reklamo ng kausap. “Choppy ulit!”

“Anak naman talaga ni Mang Enteng, oo,” asik na niya. Bakit ito naman, malinaw niyang naririnig?

“Ganito na lang, Zach. Kausapin mo muna si Miss Robles at baka pumayag sa plano natin. Kung ayaw, saka mo i-report kay Sir. Pero sana ’wag kang sumuko agad, promotion mo ang nakataya diyan, remember? Sayang iyon.”

“Alam ko naman. Saka nanghihinayang din ako sa pagod ko sa pagbiyahe papunta rito.”

“Hindi pa rin kita maintindihan. Ang labo ng linya! Sige, sige, bye-bye na muna at nagri-ring ’yung landline dito. Baka mamaya si Sir ’yung tumatawag, sasagutin ko muna. Ingat ka diyan, Zach.”

“Wait, Lenny!”

Hindi rin siguro naintindihan ng kaibigan ang sinabi niyang iyon dahil pinutol na nito ang linya. Ngali-ngaling itapon niya sa dagat ang walang silbi

niyang cellphone sa sobrang inis.

Naglakad si Zach pabalik sa kanyang kotse. Kailangan na niyang makahanap ng murang hostel na matutuluyan sa buong panahon na mananatili siya sa lugar na iyon.

He would love to stay for a month at a paradise like this place, pero hindi siguro kung kailangan niyang makasama ang babaeng iyon at makatrabaho araw-araw.

Hindi pa rin siya makapaniwala. Iyon talaga iyong writer na ipinagtanggol niya sa boss niya? Iyong matapang niyang pinangako na magsusulat at tatapos ng twenty-fifth bestseller nito sa loob lang ng isang buwan? Well, isang malaking good luck na lang kay Zach.

“Oh, please, kahit isa lang!” sambit ni Roberta ‘Bobbie’ Robles habang naghahalungkat sa cupboard niya para sa kahit isang sachet lang ng three-in-one coffee.

As usual, wala na naman siyang supplies. Normal na iyon dahil tamad siyang lumabas ng bahay at tamad mag-grocery. Pagkatapos, dalawang beses isang buwan lang nagpupunta sa bahay ang cleaning

lady na siya ring pinakisisuyuan niyang mamili para sa kanya. Ganoon lang kadalang kasi ayaw niyang maistorbo sa pagsusulat niya.

Napahilamos si Bobbie sa kanyang mukha. Maubusan na siya ng kahit ano, huwag lang kape. Iyon na halos ang dumadaloy sa dugo niya sa lakas niyang uminom niyon. At lalong kailangan niya ang kanyang caffeine fix ngayong masakit na masakit ang ulo niya dahil sa hangover. Sigurado rin siyang hindi siya makakatulog kahit pilitin niya pa.

Nakakainis kasi iyong pinsan niyang si Roda, pinilit pa siyang uminom ng hard liquor na iyon, alam namang sa light beer lang ay nahihilo na siya. Bakit ba kasi siya nagpapilit uminom?

Actually, ang mas tamang tanong, bakit ba nagpapilit pa si Bobbie na sumali sa inumang iyon, eh, hindi naman talaga siya mahilig doon?

Pagkatapos, nagpauto pa siya at doon sa bahay niya ginawa ang linsyak na party kasama ang tatlong balahura nitong kabarkada!

Bago kagabi, tatlong araw nagkalat at nag-ingay ang mga ito sa bahay niya. Ang baho tuloy roon ngayon at napakakalat. Pagkatapos, mga wala namang dalang damit kaya pulos damit niya ang

sinuot. Naubusan tuloy siya ng malinis na pambahay, kaya pulos pang-alis na ang sinusuot niya ngayon.

Bukod doon, siya pa ang namroblema sa pag-uwi ng mga buwisit. Alam niyang may flight si Roda pa-Maynila mamayang hapon, kaya pinilit na niya ang mga itong umuwi na. Hinatid niya ang apat at halos binitbit niya ang mga ito hanggang sa sakayan ng bus patungong Laoag City.

Leche talaga! Sinira na nga ang writing schedule niya, pinasakit pa ang kanyang ulo.

Nang wala pa ring mahanap na kape, minabuti ni Bobbie na lumabas ng bahay para bumili niyon. Mayroong café sa malapit kaya roon siya nagpunta.

Ipinangako niya sa sarili na kakain lang siya at magkakape. Pagkatapos, paglilinis ng bahay ang una niyang haharapin bago siya maliligo at saka pipiliting makapagsulat. Pekwa, ilang araw siyang walang naisulat dahil sa mga buwisita niya.

Kapapasok pa lang niya sa kapehan nang maulinigan ang pangalan niya na binanggit ng kung sino.

Napalingon siya at nahagip ang lalaking nagpakilalang taga-*Bookworm*. Palabas ito ng café at mukhang may kausap sa telepono. Hindi naman siya

sadyang tsismosa, sumunod lang siya at palihim na nakinig dahil nga narinig niya ang kanyang pangalan.

“... agad-agad ah, pero kung makikita mo lang siya, magdadalawang-isip ka kung kaya ba niyang magsulat ng kahit anong may katuturan. Oh, wait! Hindi kaya poser ’yung nakausap ko at hindi ’yun ang tunay na Roberta Robles?”

Natural uminit ang ulo ni Bobbie. Ang kapal ng hinayupak na Paez na iyon! Ano ang karapatan nitong husgahan siya nang ganoon base lang sa first meeting nila?

Ang kapal! Masyado ’to. Porque guwapo, ang yabang!

Siyempre hindi naman siya bulag para hindi iyon mapansin.

Ang tangkad ng lalaki; baka nasa 5’11” o six feet ang height pagkatapos lean ang katawan, maganda ang tindig, at kahit de-collar na shirt at pantalong maong ang suot ay maganda nitong nadala. Idagdag pa ang mga mata nitong parang nang-aarok kung tumingin, matangos na ilong at may machong stubbles sa angular na panga, sigurado si Bobbie na marami itong pinaiyak na babae.

Masama naman ang ugali kaya wala rin.

Matalim na inirapan niya ang pigura nito at bumalik sa loob ng café. Habang palapit sa counter, binabalak na niya kung paano ang gagawin sa linsyak na lalaki. Pakitaan kaya niya ito ng award-winning na galing niya sa pagsusulat at nang mapahiya?

Well, puwede niya rin itong inisin, huwag magsulat hanggang sa mapikon ito at iwan na ang tahimik at solong buhay niya.